

Pamumuhay sa Summer Vacation



タガログ語版

Imakita Shougakko
July , 2023

Ang bakasyon sa taong ito ay magsisimula sa July 21 (Fri) hanggang August 28 (Mon) pahalagahan at gawing makabuluhan kasama ang pamilya.

1. Malusog at Ligtas na Pamumuhay

- 「Maagang matulog, maagang gumising, kumain ng almusal」, sundin ang tamang pamumuhay.
- Magtakda ng oras at patakaran para sa paggamit ng TV, Game at Smartphone.
 - Pag-usapan ang tungkol sa tamang paggamit ng Social Network Site (SNS)
- Isaisip ang kaligtasan sa daan.
 - Magsuot ng helmet sa pagsakay sa bisekleta. ※Mayroon na ba kayong insurance?
 - Huminto at siguruhin na walang paparating na sasakyan bago tumawid.

2. Ugaliin ang Pag-aaral ng Leksyon sa Araw-araw

- Magtakda ng layunin at gawin hanggang dulo. (Takara-mono Making.)
- Magsikap upang makamtan ang hangarin at mag-iwan ng bakas.
- Sumubok ng aktibidad na sa bakasyon lamang maaring gawin
 - Magbalik aral sa mga mahirap na aralin.
 - Palagiang magbasa ng aklat.



3. Mamuhay bilang Miyembro ng Pamilya at Komunidad

- Magsikap na makatulong sa loob ng tahanan.
- Maglaan ng oras para sa pamilya【- Isang Tahanan, Isang Gawain】
- Makilahok sa mga aktibidad ng komunidad.

4. Pamumuhay at Pakikipag-kaibigan

- Sumunod sa patakaran, masayang makipaglaro sa kaibigan.
 - Ipaalam sa magulang kung kelan, saan pupunta at sino ang kasama.
 - Sa paglalaro sa labas, gawin ito sa malilim na lugar at palagiang uminom ng tubig .
 - Kapag nakarinig ng kidlat pumasok sa loob ng pinaka-malapit na gusali.
 - Huwag pumunta sa malayo na walang kasamang magulang.
 - Huwag maglaro sa delikadong lugar (ilog, irrigation, construction site, kalsada atbp.)
 - Iwasan ang mga delikadong laro (Airgun, apoy atbp.)
 - Huwag manghiram at magpahiram ng gamit o pera (manlibre o magpalibre) sa kaibigan.